NANGUNGUNANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Disyembre 16-31, 2019



## Maligayang Pasko Sa Inyong Lahat!

MANILA BULLETIN PUBLISHING
9 771165 698142
ISSN 1656-98-14
P40

ang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

NANGUNGUNANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Disyembre 16-31, 2019



## Maligayang Pasko Sa Inyong Lahat!

MANILA BULLETIN PUBLISHING

9 771165 698142
ISSN 1656-98-14

P40

...ng magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


NOBELA

6 **Kasaysayan Ng Kalibutan (12)**
Edgar Calabia Samar

8 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (17)**
Efren Abueg

10 **Higit Na Matibay (Huling Labas)**
Armando T. Javier

12 **Tahan Na...Hindi Kita Iiwan (4)**
Dahlia Pablo

MAIKLING KUWENTO

4 **Landas Tungo Sa Betlehem**
Ester Aragon

14 **May Kumindat Na Parol**
Armando T. Javier

16 **Ang Panata Ko, Tuwing Pasko**
Rufino C. Crisolo

KUWENTONG PAMBATA

18 **Si Pat At Si Luwad**
Neri Jedeliz

LATHALAIN

26 **Pagpapasalamat: Ang Tema At Ang Diwa Ng Pasko**
Onil Lavares

28 **Sino Ba Ang Mga Haring Mago?**
Lilia Borlongan-Alvarez

29 **Ang Milagrong Ginawa Ng Batang Si Jesus**
Fernando B. Sanchez

KOMIKS

37 **Sa Mga Pangil Ni Gorgo (10)**
JD Ronquillo / Franklin Batolinao

40 **Ang Babaeng Pinangakuan (12)**
Alquin M. Pulido / Arnel R. Coronel

43 **Lover Boy (13)**
Elena M. Patron / Rico Rival

46 **May Dalawang Lihim (2)**
Perry C. Mangilaya / Florence Maglalang

49 **Pasko Naman Mahal**
Amado Bravo / Vovoi Lim

54 **Doro Dora**
William Contreras

TULA

56 **Piging Ng Mga Hangal**
Richel G. Dorotan

KOLUM

20 **Basa Tayo**
John Iremil Teodoro

22 **Buklat/Mulat**
Dr. Eugene Yambot Evasco

24 **Epektibong Pagtuturo**
Pat V. Villafuerte

33 **Tatak Pilipino**
Boy A. Silverio

36 **Magluto Tayo**
Mareng Lena

52 **Pag-Usapan Natin!**
Kuya Sam

SHOWBIZ

34 **Iza Calzado, Na-Challenge Sa Pelikulang Culion**
Nonie V. Nicasio

35 **Ritz Azul, Gustong Maging Tunay Na Aktres**
Maricris V. Nicasio

35 **Showbiz Tribya**
Julio Silverio, Jr.

LIBANGAN

53 **Astrolohiya**
Madame Sharona

54 **Magtawanan Tayo!**
Anthony Locsin

54 **Sudoku**
John Lyndon Alejo

54 **Palaisipan**
Jose Marie Gallego










KUWENTONG PAMBATA

# SI PAT AT SI LUWAD

Ni NERI JEDELIZ



**"Narito ako, kaibigan. Nasa mesa ako katabi mo," narinig ni Pat na sigaw.**

**MATAPOS** ang matinding baha bunga ng nagdaang malakas na bagyo, natagpuan na lang ni Pat ang kanyang sarili sa pampang ng ilog. Isa siyang kaputol na kawayan na tinatawag ng kanyang kapamilya na Pat. Putikan ang paligid at nagkalat ang nabuwal na mga puno at nabunot na mga damo.

"Ano ba ito? Saan na ang aking pamilya?" sambit ni Pat habang nagpalinga-linga. "Paano ba ako makaalis sa putikang ito?"

"Kung makaalis ka, saan ka naman pupunta?" narinig ni Pat. Nagpalinga-linga uli siya.

"O, nandito lang ako sa tabi mo," muling sambit ng boses. Saka nakita ni Pat ang isang dakot na luwad sa kanyang harap.

"Ikaw pala, Luwad. Natangay ka rin ba ng baha?" tanong ni Pat.

"Oo. Nagkaroon ng *landslide,* pati ako nadale. Heto ako ngayon."

"Hindi kita kaagad napansin. Para ka kasing tumpok."

"Tumpok ng ano?"

"Tumpok ng kalabaw," sabay halakhak ni Pat.

"Ikaw naman, parang pantusok sa puwit ng litson," tumawa rin si Luwad. "Sabagay, malaki at mabilog na kawayan ka naman, p'wedeng pantusok sa litson."

Biglang umitim ang ulap at kumulog. Biglang napatigil ang dalawa. Nag-aalala silang baka umulan na naman nang malakas.

"Paano na lang tayo? Tiyak, tangayin na naman tayo ng baha," nangulimlim ang mukha ni Luwad.

"Ang sabihin mo, isa pang pagbaha, tiyak malulusaw ka na. *Goodbye* ka na lang."

"*Correct* ka d'yan. Kaya nga nagdarasal ako ngayon, na bago ako mawala sa mundong ito ay mapakinabangan o makapagbigay naman lang ako ng kasiyahan sa mga tao."

"Para ano pa?"

"Para naman mabigyan ng katwiran ang paglikha sa atin. Di ba, kaya nilikha tayo dahil may *purpose* o layunin?"

"Oo nga ano? E, tingnan mo naman ang mga kapatid ko, doon sa kabilang pampang ng ilog na ito, unti-unting nauub dahil sa layunin ng tao. Ginagawa silang mga bahay, tulay, o ano pang ibang magagamitan ng kawayan. Kaya lang, ang



**BUKLAT/MULAT**

Ni DR. EUGENE YAMBOT EVASCO

# Ang Regalo ng Pagbabasa

ISA sa kinagigiliwan kong gawain tuwing Kapaskuhan ang pagreregalo ng mga aklat pambata sa pamangkin at mga inaanak. Setyembre pa lamang, nakabibili na ako ng mga aklat sa mga nagdaang *book fair* at *book sale*. Malaking diskuwento ang nakukuha ko dahil sa mga okasyong ito na hindi naisasantabi ang kalidad ng mga aklat.

Maraming pakinabang ang pagreregalo ng aklat. Pinapahalagahan ng nagreregalo ang literasi, pagbabasa, panitikan, at pag-unlad ng bata. Sa pagreregalo ng aklat, nakakapaghandog din ng aliw, edukasyon, pagkamalikhain, at imahinasyon sa batang mambabasa. Nahahasa ang kasanayan ng bata sa pagbabasa, pagbabaybay, at bokabularyo. Mahalaga rin sa pagbabasa ang naipapakilala sa bata ang mga kultura at daigdig na labas sa kaniyang sariling lipunan.

Sa US, may isinusulong silang gawain na kung tawagin ay "Read 20 Minutes a Day." Batay sa kanilang pag-aaral sa programang ito, ang batang nasa Kinder na nagbabasa nang 20 minuto bawat araw ay makaririnig/matututo ng 1.8 milyong salita bawat taon. Sa pagtuntong niya ng Grade 6, nakapagbasa na siya sa loob ng 851 oras. At dahil sa naisabuhay na niya ang pagbabasa, higit na mataas ang kaniyang iskor sa mga *standardized test* kumpara sa mga batang nagbabasa lamang ng lima o kaya'y isang minuto bawat araw.

Narito ang mga gabay sa pagpili ng nararapat na babasahin para sa bata.

1. Alamin ang interes ng batang paghahandugan. Mahalagang malaman ang kanilang mga interes sa pagbabasa. Mahilig kaya sila sa pagbabasa ng mga manga? Interes kaya niya ng siyensiya at teknolohiya? Makatutulong kung batid ng maghahandog ang ambisyon ng bata sa hinaharap. Kung nais niyang maging arkeologo, maaari siyang bigyan ng mga aklat na pumapaksa sa buhay at tungkulin ng mga bantog na arkeologo sa bansa at sa mundo. Kung may interes siya sa mga paksang *natural science*, makatutulong na mabigyan siya ng mga aklat na pumapaksa sa larangang ito.




**Larawang mula sa Google**

2. Isaalang-alang din ang pakinabang ng aklat sa bata. Kailangan ang regalong aklat ay hindi lamang babasahin nang isang ulit. Marka ng matagumpay na aklat pambata ay ang posibilidad na maaari itong mabasa nang paulit-ulit hanggang sa maisaulo na ng bata ang nilalaman nito. Dagdag pa, ang aklat ay dapat magamit ng bata sa kaniyang pag-aaral. Ano'ng baitang na ba siya sa paaralan? Ang pagbatid sa edad at baitang ay magiging patnubay sa pagpili ng akmang aklat para sa bata. Kung hindi ito isasagawa, baka mabigyan ng aklat ng pagbibilang ang isang bata na nasa ikalimang baitang na sa elementarya.

3. Huwag lamang ibibigay ang aklat sa bata. Makatutulong na pagkatapos mabuksan ng bata ang inyong regalo, babasahin ninyo agad ito at hindi itatabi sa estante. Kung may panahon pa, maaari ninyong talakayin ang nilalaman ng aklat. Sa pamamagitan ng pagbabasa at pagtalakay sa binasa, mapapagyaman ang karanasan ng bata sa isang aklat. Mainam ding ugnayan ng magulang at bata ang mga sesyon ng *storytelling* o kaya'y *read aloud*.

4. Kung kaya ng *budget*, malaking tulong na regaluhan ang bata ng mga kasangkapan sa pagbabasa. Tandang-tanda ko na isa sa pinakanagustuhan kong mga regalo mula sa aking magulang ay isang *study lamp*. Malaking tulong ito upang mabasa ko nang maigi at malinaw ang mga nakasulat sa pahina. Kung kakayanin, magandang regalo rin ang isang *reading chair* o kaya'y *study table*. Ang pagreregalo ng ganitong kasangkapan at muwebles ay patunay sa pagpapahalaga sa gawain ng pagbabasa at pag-aaral.

5. Maaaring dalhin ang bata sa isang *bookstore* upang siya ang pumili ng bibilhing aklat. Maaari rin namang dalhin ang bata sa isang aklatan o sa mga okasyon na may *storytelling*. Sa ganitong gawain, makikita ng bata na laganap sa ating bansa ang kultura ng pagbabasa.

6. Kung ang pagbibigyan ay isang batang atubiling magbasa (*reluctant reader*), mainam na hanapan siya ng mga madadaling basahing aklat na may mataas na kalidad ng pagkakasulat. Sa US, may listahan nila na kung tawagin ay Books for Reluctant Readers na kinabibilangan ng mga aklat nina Dav Pilkey (*Captain Underpants*), Sara Pennypacker (*Clementine*), Jeff Kinney (*Diary of a Wimpy Kid*), Elisabetta Dami (*Geronimo Stilton*), Mo Willems, at Kate DiCamillo. Ilang posibleng aklat para sa mga atubiling mambabasa ay ang mga *graphic novel, verse novel*, at mga nobela na may maiikling kabanata.

7. Hindi lamang mga kuwentong pambata ang maaaring maging aginaldo. Maiibigan din ng mga bata ang mga aklat na makakatulong sa kanilang pag-unawa sa binabasa o sa kanilang mga sulatin. Halimbawa ng mga aklat na ito ay ang mga pambatang diksiyonaryo, tesauro, almanak, at mga *encyclopedia*. Ang pambatang diksiyonaryo ay kailangang may mga lakip na ilustrasyon at naglalaman ng mga mahahalagang salita at may payak ngunit sapat na depinisyon na dapat matutuhan ng bata bago siya tumuntong sa *high school*.

8. Maaari ring magregalo sa bata ng suskripsiyon sa magasin sa loob ng isang taon. Maaaring ang magasing ito ay pampanitikan, panrelihiyon na may mga akdang pampanitikan, pumapaksa sa kultura at kasaysayan, o kaya nama'y may pokus sa siyensiya at teknolohiya. Maraming magasing pambata at pangkabataan na mapagpipilian sa ating bansa. Ang mga ito'y maaaring maging suplemento sa pag-aaral at makatutulong bilang dagdag-kaalaman sa mga bata.

9. Malaking gaan sa bulsa ang paghahanap ng mga regalong aklat mula sa tindahan ng mga segunda manong aklat. Bukod sa mura ang mga ito, may mga aklat ding mahahanap na hindi kadalasang makikita sa mga regular na *bookstore*. Kailangan lamang piliin ang mga kopyang malilinis at mainam pa ang kondisyon. Tingnan kung may mga sulat ang loob ang aklat o may nakalakip pang dedikasyon ng naunang may-ari. Suriin kung may mga pahinang nawawala o kaya nama'y punit. Kung hindi maselan ang pagbibigyan, ano ba naman ang kaunting gusot sa aklat? Ang mahalaga'y ang kalidad ng nilalaman ng aklat.

10. Laging maging alerto sa mga *sale* o mga bagsak-presyo ng mga aklat. Kadalasan itong nagaganap sa mga malawakang *sale* sa bansa kapag panahon ng Manila International Book Fair,

Big Bad Wolf, at kapag nalalapit na ang Kapaskuhan. Ilista na ang mga napupusuang aklat. Hangga't maaari, pumunta sa unang araw ng *sale* upang hindi maubusan ng kopya. Pumunta rin sa mga *branch* na malalaki dahil nandoon kadalasan ang magagandang *stock* ng mga aklat.

11. Magbasa muna ng mga rebyu bago bumili ng mga aklat na ipanreregalo. Kung kakayanin, mainam ding humingi ng rekomendasyon mula sa mga guro at eksperto sa panitikan.

12. Kung ang pagbibigyan ng aklat ay isang napakabatang bata, maaari ring bigyan ng mga aklat na kawangis ng mga laruan. Tinatawag itong mga *toy book*. Makapupukaw ng interes sa bata ang mga aklat na *pop-up*, interaktibo, at may tunog o musika kapag binubuklat. Sa pamamagitan nito, naipapakita sa bata na ang aklat ay isang masayang bagay na maaaring laruin at basahin.

13. Saliksikin din ang pamilya ng batang pagbibigyan. Kung sila'y Kristiyano, maaaring bigyan ng bata ng pambatang Bibliya na simple ang pagkakakuwento, mahiwaga ng nilalaman, may sapat na aral, at may angkop na mga larawan. Noong bata ako, kinagiliwan namin ang mga kuwento buhat sa Bibliya gaya ng kuwento nina Adan at Eba, ang Noah's Ark, ang mga parabula, at ang pagkakatagpo sa sanggol na basket na si Moses.

14. May espesyal na uri ng kuwentong pambata na batay sa buhay ng partikular na tao o sa mga bayani. Tinatawag itong biograpiya o talambuhay. Mainam itong ipanregalo sa bata batay sa kani-kanilang interes. Halimbawa, kung mahilig sa isports ang pagbibigyan, maaari siyang handugan ng mga talambuhay ng mga bantog na atleta o Olympian. Kung ang bata ay mahilig sa musika, maaari siyang bigyan ng mga talambuhay ng sikat na mang-aawit at kompositor. May isang mahusay na serye ng mga kuwentong-buhay ng mga Pilipinang siyentista na maaaring ibigay sa mga batang nagpapakita ng interes sa iba't ibang sangay ng agham.

15. Panghuli, maaari ring magregalo sa bata ng espesyal na *notebook* kasama ng mga aklat na ireregalo sa kaniya. Sa *notebook* na ito, maaari niyang isulat ang mga bagong salitang natutuhan sa pagbabasa. Malaking tulong ito upang mapalawak ang kaniyang bokabularyo at mailarawan na ang pagbabasa ay paraan upang paunlarin ang kaalaman sa isang wika. Puwede ring hikayatin ang bata na magsulat ng maikling rebyu at repleksiyon batay sa mga aklat na kaniyang mabasa. Sa pamamagitan nito, mahahasa ang kritikal/mapanuring na kasanayan ng mga batang mambabasa. L

# "Ikaw na muna, Mommy"

(Mula sa pahina 9)

magsalita kay Von pagkaraang patayin mo na'ng *feelings* mo kay Dr. Rayos?"

"Hindi ba 'yon ang dapat? Tapusin na ang problema hangga't maaga?"

"*Wait and see attitude* pa rin ako kay Von. Alam mo namang may nakuha na siyang isang bagay sa akin. Kaya bawat araw na maisip ko siya, urong-sulong ako sa pagdedesisyon!"

"O, sige...pahinga ka at susunduin kita sa inyo para sabay tayong pumasok sa ating trabaho!"

Ngunit hindi na nakarating si Tania sa bahay ni Rea nang hapong iyon!

ALAUNA pa lamang ng hapon nang gisingin siya ng *ring tone* ng *cellphone*. Si Dr. Rayos. Kalmadong ibinalita nito sa kaniya na isinugod ang Mommy Pinky niya kay Dr. Pardo sa kanilang *affiliated hospital*.

"Ano ang nangyari?" Mababaw lamang ang kaniyang tulog dahil sanay na siyang gumising sa takdang oras para maghanda sa pagpasok niya sa ospital.

"*Sharp* daw ang naramdamang sakit sa may balakang ng Mommy Pinky mo. *Previous to that*, bumigat daw ang pakiramdam niya sa pagkilos, kaya nakahalata na ang Mommy mo na *something is definitely wrong with her*. Maingat daw siyang humakbang paakyat sa *cashier's stand* nang may magbabayad na isang *costumer*. Noon niya naramdaman 'yong *sharp pain* sa kaniyang balakang. Mabuti na lang at may ginagawa sa malapit sa kaniya ang empleyada ninyong si Clara. Naalalayan ang pagbagsak ng Mommy mo!"

Nakaupo sa sopa sa opisina ng *grocery* ang Mommy Pinky niya nang dumating si Dr. Rayos na tinawagan ni Mayumi. Nagkataon namang huling pasyente na ang humihingi na lamang ng reseta, kaya ipinaubaya na niya iyon sa *medical secretary* nito.

"Isinakay ko agad siya sa kotse pagdating ko sa *grocery* at isinugod ko na siya sa klinika ni Dr. Pardo!"

Sinabihan pa si Tania ni Dr. Rayos na huwag mag-alala dahil nagpapahinga na ang Mommy Pinky niya sa *private room*.

"*Definitely*, kailangang alisin ang *tumor* niya!"

Nagboluntaryo agad si Rea na magbabantay sa kaniyang Mommy Pinky nang malaman nito ang nangyari.

"May trabaho ka, Rea. Pumirmes ka sa puwesto mo't ako na lang ang matutulog sa ospital.

Ngunit nagpasabi ang kaniyang Mommy Pinky kay Dr. Rayos na hindi siya magbabantay dito sa ospital.

"Sa *post operation* ka na raw tumigil sa *room* niya!" sabi pa sa kaniya ng binatang doktor.

Ngunit kinabukasan, ibinalita ni Mayumi na si Dr. Rayos ang tumigil sa silid ng Mommy Pinky niya sa ospital!

KASAMA si Rea kinabukasan, dumiretso si Tania sa silid ng kaniyang Mommy Pinky. Inihahanda na ang pasyente para sa *operating room*. May pinapirmahan kay Tania ang isang doktor na nag-ayos ng mga papeles sa pagpapaospital ng kaniyang ina. Kausap naman ni Dr. Rayos si Rea.

Nakapasok na sa *operating room* ang Mommy Pinky niya nang tumabi ng upo kay Tania ang kaibigan niyang si Rea sa may *waiting room*.

"Malaki na pala ang bukol sa matris ng Mommy ko!" kaswal na pagbubukas ng kaibigan niya.

"Sabi sa 'yo ni Dr. Rayos?"

"Di naman daw delikado, pero baka medyo magtagal sa loob!"

Sinabi ni Tania na noon pang alisin ang bukol sa matris ni Mayumi napag-usapan ang *check-up* sa *gynecologist* ng Mommy Pinky niya.

"Ganoon pala naman..." Si Rea.

"Nakakahiya nga, e, nire-*remind* ni Dr. Rayos si Mommy na magpatingin!"

Inaasahan ni Tania na may sasabihin si Rea, ngunit hindi ito nagbigay ng puna.

Mabigat ang pakiramdam sa dibdib, nagsalita siya. "Siguro noon, pareho *diverted* ang *attention* namin ni Mommy!"

"*Stop*, Tania! Hindi na magandang pag-usapan 'yan!"

"Totoo naman."

"May mga nangyayaring totoo na dapat kalimutan. *For the sake of good relationship, especially in your case!*"

Sinisi ni Tania ang sarili, ngunit maiiwasan ba niyang hindi idamay sa paninisi niya ang Mommy Pinky niya?

"*Look to the future*, Tania!"

"Oo na. Siguro, huling kastigo ko na 'to sa aking sarili at kay Mommy!"

"Okey, Tania. Okey na 'yan!" At ginitgit siya ng upo ni Rea, saka niyakap siya.

Pinigil ni Tania ang mapaiyak.

**(ITUTULOY)**

ig Bad Wolf, at kapag nalalapit na ng Kapaskuhan. Ilista na ang mga apupusuang aklat. Hangga't maaari, umunta sa unang araw ng *sale* upang indi maubusan ng kopya. Pumunta in sa mga *branch* na malalaki dahil andoon kadalasan ang magagandang *tock* ng mga aklat.

11. Magbasa muna ng mga ebyu bago bumili ng mga aklat na panreregalo. Kung kakayanin, mainam ing humingi ng rekomendasyon mula a mga guro at eksperto sa panitikan.

12. Kung ang pagbibigyan ng aklat y isang napakabatang bata, maaari ing bigyan ng mga aklat na kawangis g mga laruan. Tinatawag itong mga *oy book*. Makapupukaw ng interes a bata ang mga aklat na *pop-up*, nteraktibo, at may tunog o musika apag binubuklat. Sa pamamagitan ito, naipapakita sa bata na ang aklat y isang masayang bagay na maaaring aruin at basahin.

13. Saliksikin din ang pamilya g batang pagbibigyan. Kung sila'y Kristiyano, maaaring bigyan ng bata g pambatang Bibliya na simple ng pagkakakuwento, mahiwaga g nilalaman, may sapat na aral, at nay angkop na mga larawan. Noong ata ako, kinagiliwan namin ang nga kuwento buhat sa Bibliya gaya g kuwento nina Adan at Eba, ang Noah's Ark, ang mga parabula, at ang pagkakatagpo sa sanggol na basket a si Moses.

14. May espesyal na uri ng kuwentong pambata na batay sa buhay ng partikular na tao o sa mga bayani. Tinatawag itong biograpiya o alambuhay. Mainam itong ipanregalo a bata batay sa kani-kanilang interes. Halimbawa, kung mahilig sa isports ng pagbibigyan, maaari siyang andugan ng mga talambuhay ng nga bantog na atleta o Olympian. Kung ang bata ay mahilig sa musika, maaari siyang bigyan ng mga alambuhay ng sikat na mang-aawit at kompositor. May isang mahusay na serye ng mga kuwentong-buhay ng nga Pilipinang siyentista na maaaring bigay sa mga batang nagpapakita ng nteres sa iba't ibang sangay ng agham.

15. Panghuli, maaari ring magregalo a bata ng espesyal na *notebook* kasama g mga aklat na ireregalo sa kaniya. Sa *otebook* na ito, maaari niyang isulat ang mga bagong salitang natutuhan sa pagbabasa. Malaking tulong ito upang mapalawak ang kaniyang bokabularyo at mailarawan na ang pagbabasa ay paraan upang paunlarin ang kaalaman sa isang wika. Puwede ring hikayatin ang bata na magsulat ng maikling rebyu at repleksiyon batay sa mga aklat na kaniyang mabasa. Sa pamamagitan nito, mahahasa ang kritikal/mapanuring na kasanayan ng mga batang mambabasa. L

## "Ikaw na muna, Mommy"

(Mula sa pahina 9)

magsalita kay Von pagkaraang patayin mo na'ng *feelings* mo kay Dr. Rayos?"

"Hindi ba 'yon ang dapat? Tapusin na ang problema hangga't maaga?"

"*Wait and see attitude* pa rin ako kay Von. Alam mo namang may nakuha na siyang isang bagay sa akin. Kaya bawat araw na maisip ko siya, urong-sulong ako sa pagdedesisyon!"

"O, sige...pahinga ka at susunduin kita sa inyo para sabay tayong pumasok sa ating trabaho!"

Ngunit hindi na nakarating si Tania sa bahay ni Rea nang hapong iyon!

ALAUNA pa lamang ng hapon nang gisingin siya ng *ring tone* ng *cellphone*. Si Dr. Rayos. Kalmadong ibinalita nito sa kaniya na isinugod ang Mommy Pinky niya kay Dr. Pardo sa kanilang *affiliated hospital*.

"Ano ang nangyari?" Mababaw lamang ang kaniyang tulog dahil sanay na siyang gumising sa takdang oras para maghanda sa pagpasok niya sa ospital.

"*Sharp* daw ang naramdamang sakit sa may balakang ng Mommy Pinky mo. *Previous to that,* bumigat daw ang pakiramdam niya sa pagkilos, kaya nakahalata na ang Mommy mo na *something is definitely wrong with her*. Maingat daw siyang humakbang paakyat sa *cashier's stand* nang may magbabayad na isang *costumer*. Noon niya naramdaman 'yong *sharp pain* sa kaniyang balakang. Mabuti na lang at may ginagawa sa malapit sa kaniya ang empleyada ninyong si Clara. Naalalayan ang pagbagsak ng Mommy mo!"

Nakaupo sa sopa sa opisina ng *grocery* ang Mommy Pinky niya nang dumating si Dr. Rayos na tinawagan ni Mayumi. Nagkataon namang huling pasyente na ang humihingi na lamang ng reseta, kaya ipinaubaya na niya iyon sa *medical secretary* nito.

"Isinakay ko agad siya sa kotse pagdating ko sa *grocery* at isinugod ko na siya sa klinika ni Dr. Pardo!"

Sinabihan pa si Tania ni Dr. Rayos na huwag mag-alala dahil nagpapahinga na ang Mommy Pinky niya sa *private room*.

"*Definitely*, kailangang alisin ang *tumor* niya!"

Nagboluntaryo agad si Rea na magbabantay sa kaniyang Mommy Pinky nang malaman nito ang nangyari.

"May trabaho ka, Rea. Pumirmes ka sa puwesto mo't ako na lang ang matutulog sa ospital.

Ngunit nagpasabi ang kaniyang Mommy Pinky kay Dr. Rayos na hindi siya magbabantay dito sa ospital.

"Sa *post operation* ka na raw tumigil sa *room* niya!" sabi pa sa kaniya ng binatang doktor.

Ngunit kinabukasan, ibinalita ni Mayumi na si Dr. Rayos ang tumigil sa silid ng Mommy Pinky niya sa ospital!

KASAMA si Rea kinabukasan, dumiretso si Tania sa silid ng kaniyang Mommy Pinky. Inihahanda na ang pasyente para sa *operating room*. May pinapirmahan kay Tania ang isang doktor na nag-ayos ng mga papeles sa pagpapaospital ng kaniyang ina. Kausap naman ni Dr. Rayos si Rea.

Nakapasok na sa *operating room* ang Mommy Pinky niya nang tumabi ng upo kay Tania ang kaibigan niyang si Rea sa may *waiting room*.

"Malaki na pala ang bukol sa matris ng Mommy ko!" kaswal na pagbubukas ng kaibigan niya.

"Sabi sa 'yo ni Dr. Rayos?"

"Di naman daw delikado, pero baka medyo magtagal sa loob!"

Sinabi ni Tania na noon pang alisin ang bukol sa matris ni Mayumi napag-usapan ang *check-up* sa *gynecologist* ng Mommy Pinky niya.

"Ganoon pala naman..." Si Rea.

"Nakakahiya nga, e, nire-*remind* ni Dr. Rayos si Mommy na magpatingin!"

Inaasahan ni Tania na may sasabihin si Rea, ngunit hindi ito nagbigay ng puna.

Mabigat ang pakiramdam sa dibdib, nagsalita siya. "Siguro noon, pareho *diverted* ang *attention* namin ni Mommy!"

"*Stop*, Tania! Hindi na magandang pag-usapan 'yan!"

"Totoo naman."

"May mga nangyayaring totoo na dapat kalimutan. *For the sake of good relationship, especially in your case!*"

Sinisi ni Tania ang sarili, ngunit maiiwasan ba niyang hindi idamay sa paninisi niya ang Mommy Pinky niya?

"*Look to the future*, Tania!"

"Oo na. Siguro, huling kastigo ko na 'to sa aking sarili at kay Mommy!"

"Okey, Tania. Okey na 'yan!" At ginitgit siya ng upo ni Rea, saka niyakap siya.

Pinigil ni Tania ang mapaiyak.

**(ITUTULOY)**

# PIGING NG MGA HANGAL



May mga himig na maririnig
Na nagmula sa kailaliman ng lupa
Dinig ng dagat, lupa, at hangin
Ang kansiyon ng mensaherong ulan
Sa silangan, may malamlam na tanglaw
Kometang pula sa kalawakan
May isinilang daw: batang walang pangalan
May sumigaw sa bubong, "Ipagdiwang!"

Sa ibayo, tangan ng mga paputok
Ang hindi mabigkas na kataga ng mga bingi
Sa aandap-andap na mga ilaw na neon
Silang mga walang relihiyon lumuluhod
Sa istatwang kalawang sa kabaret
Dumadaloy ang dugo sa sugat sa talas ng kidlat
Madadama na naman ng hubad na mga katawan
Ang walang humpay na kalansingan
Ng mga tansan mula sa kuwadrong salamin
May sumigaw, "Ipagdiwang!"

Malamig ang pagdampi ng labi
Na nakikipaglaplapan sa saradong pintuan
Alikabok ang pulbo ng hangin
Nakalatag sa hapag-kainan ang
Metalikong hamon, at nikiladong pansit
Dumating na ang mga bisitang bungo
At pinagsaluhan nila ang ritwal ng pagsilang—
Pinagparte-partehan nila ang katawan
Ng Anak ng Kanlurang sinapupunan.
May nagtaas ng kopita:
"Ipagdiwang ang ating kahangalan!"

– **RICHEL G. DOROTAN**